ST PAULS MEDIA pastoral ministry
AMBUHAY
MISSALETTE
Celebrates the 500 Years of Christianity in the Philippines (1521-2021)

Taon 35 Blg. 14 | Ika-27 Linggo ng Karaniwang Panahon (B) — Luntian | Oktubre 3, 2021

SIMULAN NATIN SA ATING Pamilya

P. Sebastian M. Gadia III, SSP

Nagkaroon ng pag-aaral ang mga dalubhasa sa Amerika tungkol sa laganap na insidente ng *"massive mass shooting"* na nangyayari sa iba't ibang mga paaralan. Ayon sa kanilang pag-aaral, kadalasan ang mga gumagawa nitong karumal-dumal na krimen ay kabataang lalaki. Dagdag pa nila, ang mga kabataang lalaking ito ay nagmula sa *broken families* at anak ng mga *divorced parents*. Ang pagpapatupad ng Batas ng *"divorce"* ang isa sa kanilang nakikitang dahilan kung bakit nangyayari itong ganitong insidente. Nanawagan ang mga dalubhasang ito sa kanilang bansa na di lang dapat pagtuonan ng pansin ang isyu tungkol sa *"gun control"* at *"mental health."* Dapat din bigyang pansin ang isyu tungkol sa nangyayari sa pamilya sa loob ng kani-kanilang mga tahanan. Ayon sa kanila, ang gulo na nangyayari sa loob ng tahanan ay nadadala ng sinumang miyembro ng pamilya sa labas ng kanilang mga tahanan kagaya na lang sa paaralan. Sabi ng isang Harvard *sociologist* na si Robert Sampson, ang kaguluhan o ang mga dahas na nangyayari sa Amerika ay sumasalamin sa buhay ng pamilya. Bandang huli, ang mga anak ang labis na apektado kung ang maghiwalay ang mag-asawa.

Sa ating ebanghelyo ngayon, itinuturo sa atin ng ating Panginoong Hesukristo ang kahalagahan ng buhay mag-asawa o buhay-pagpapamilya. Nais niyang ipahiwatig sa atin na sa simula't simula pa lamang, nasa plano ng Diyos ang buhay pag-aasawa. Kung nasa plano ito ng Diyos, ganoon na lang ka-importante ito sa mata ng Diyos. Walang karapatan ang sinumang tao na sirain ang plano o likha ng Diyos. Isa na dito ang buhay pag-aasawa. Sinabi ng ating Panginoong Hesukirsto: "…Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao." Dagdag pa niya: "Ang sinumang lalaking humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay gumagawa ng masama sa kanyang asawa - siya'y nangangalunya. At ang babaeng humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay nangangalunya rin." Kung dumating man ang punto na maghihiwalay na ang mag-asawa, hindi lang ang babae at lalaking mag-asawa ang nakararamdam ng sakit at lungkot ng hiwalayan. Mas dama ito ng mga anak. Makikita natin sa ating ebanghelyo ngayon, pagkatapos magwika ng ating Panginoon tungkol sa kahalagahan ng buhay mag-asawa, kinalong ni Hesus ang mga bata, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila at pinagpala sila. Sinabi ni Hesus: "…Ang sinumang hindi tumanggap sa Paghahari ng Diyos tulad ng isang maliit na bata ay hindi mapapabilang sa mga pinaghaharian niya." Ito ay katumbas ng kautusan ni Hesus tungkol sa hindi pagtanggap sa plano ng Diyos. Ang sinumang hindi tumanggap sa plano ng Diyos, tulad ng paghiwalayin ang mag-asawa, ay hindi mapapabilang sa Paghahari niya.

Ang pagkakaroon ng gulo minsan at hindi pagkakaunawaan sa loob ng pamilya ay parte ng buhay-pamilya. Walang perpektong pamilya. Kahit ang mga ninuno ng ating Panginoong Hesukristo sa Lumang Tipan ay hindi perpekto. Gayunpaman, naging banal pa rin sila sapagkat naging tulay sila ng Diyos upang maisilang ang ating Panginoong Hesukristo. Samakatuwid, ang presensya ni Hesus ang nagpapabanal sa isang pamilya. Ito ang winika ni San Pablo sa ating Ikalawang Pagbasa ngayon. Sinabi ni San Pablo: ". . . Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila, at iisa ang Ama ng nagpapabanal at ng pinapaging-banal." Gawin nawa nating sentro si Hesus ng ating pamilya upang sa ganun, kahit anumang problema ang harapin natin, atin itong mapagtatagumpayan sapagkat sa kanya tayo huhugot ng lakas. Sabi ni Santa Teresa ng Calcutta: *"Charity begins at home."* Kung gusto nating magkaroon ng kapayapaan at pagmamahal sa mundo, simulan natin ito sa loob ng ating mga tahanan, sa ating pamilya.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok
(Es 13: 9, 10–11)
(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Dahil sa 'yong kalooban na hindi malalabanan sanlibuta'y umiiral. Langit, lupa'y 'yong kinapal. Diyos ka ng sanlibutan.

Pagbati
(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Ang pagpapala ng Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.
B—At sumainyo rin.

Paunang Salita
(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Ayon kay San Juan Pablo II, ang pamilya ay isang *"domestic church"*—ang pinaka-maliit na unit ng Simbahan. Dito dapat unang nararanasan ang pag-ibig at pagkalinga. Ang mga magulang ang unang larawan ng pag-ibig ng Diyos. Sapagkat ang Diyos ang nagpapabanal sa isang pamilya, tinuturuan ni Hesus, sa ating Ebanghelyo, ang mga mag-asawa na magmahalan at manatiling tapat sa isa't isa.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan ng Diyos kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad nang lubos. *(Tumahimik)*

P—Sinugong Tagapagpagaling sa mga nagsisisi: Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.
P—Dumating na Tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.
B—Kristo, kaawaan mo kami.
P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.
P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B—Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo *(Tumahimik)*
Ama naming makapangyarihan, ang iyong dakilang pagkamaawain ay nangingibabaw sa aming ginagawang kabutihan at idinadaing na mga kahilingan. Ang kagandahang-loob mo sa amin ay gawin mong mag-umapaw upang ang kasalanang ipinangangambang ihingi ng kapatawaran ng budhi naming takot na ikaw ay lapitan ay iyong patawarin nang lubusan at ang ipinag-aalangan naming hilingin sa pagdarasal ay iyong pagbigyang aming makamtan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa (Gn 2:18–24)
(Umupo)

Nilikha ng Diyos ang lalaki at ang babae para sa isa't isa; sa kasal, sila'y kanyang pinag-isa. Sa ebanghelyo, binibigyang-diin ni Hesus ang kaloobang ito ng Diyos sa pagbabawal sa diborsiyo.

Pagbasa mula sa aklat ng Genesis

SINABI ng Panginoong Diyos: "Hindi mainam na mag-isa ang tao; bibigyan ko siya ng makakasama at makakatulong." Kaya, lumikha siya ng mga hayop sa parang at ibon sa himpapawid, inilapit sa tao, at ipinaubaya dito ang pagbibigay ng pangalan sa mga iyon. Kung ano ang kanyang itawag, iyon ang magiging pangalan nila. Ang tao nga ang nagbigay ng pangalan sa lahat ng ibon at mga hayop, maging maamo o mailap. Ngunit wala isa man sa mga ito ang angkop na kasama at katulong niya.

Kaya't pinatulog ng Panginoon ang tao. Samantalang nahihimbing, kinuha niya ang isang tadyang nito at pinaghilom ang laman sa tapat niyon. Ang tadyang na iyo'y ginawa niyang isang babae, at inilapit sa lalaki. Sinabi ng lalaki, "Sa wakas, narito ang isang tulad ko, laman ng aking laman, buto ng aking buto; babae ang siyang itatawag sa kanya sapagkat sa lalaki nagmula siya." Ito ang dahilan kaya iniiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina upang sumama sa kanyang asawa, sapagkat sila'y nagiging iisa.

—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 127)

T—Tayo nawa ay basbasan ng Poon magpakailanman.

E. C. Marfori



1. Mapalad ang bawat tao na sa Diyos ay may takot,/ ang maalab na adhika'y sumunod sa kanyang utos./ Hindi siya magkukulang sa anumang kailangan,/ ang buhay ay maligaya't uunlad ang kanyang buhay. **(T)**

2. Sa tahanan, ang asawa'y parang ubas na mabunga./ Bagong tanim na olibo sa may dulang ang anak n'ya. **(T)**

3. Ang sinuman kung ang Diyos buong pusong susundin,/ buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain./ Mula sa Sion, pagpapala nawa ng Diyos ay tanggapin,/ at makita habang buhay, pag-unlad ng Jerusalem. **(T)**

4. Ang magiging iyong apo, nawa ikaw ay abutin,/ nawa'y maging mapayapa itong bayan ng Israel! **(T)**

Ikalawang Pagbasa (Heb 2:9–11)

Sa pagiging tao at pagdanas ng kamatayan, naging tunay na kapatid natin si Hesus. Muli niya tayong inaakay sa pag-ibig at buhay ng Diyos Ama.

Pagbasa mula sa sulat sa mga Hebreo

MGA KAPATID, alam nating si Hesus, bagamat sandaling panahong pinababa kaysa mga anghel, ay binigyan ng karangalan at kadakilaan dahil sa kanyang pagkamatay. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, niloob niya na si Hesus ay mamatay para sa ating lahat. Sa pamamagitan ng mga pagtitiis, siya'y pinapaging-ganap ng Diyos na lumikha at nangangalaga sa lahat ng bagay, upang makapagdala ng marami sa kaluwalhatian. Marapat lamang na gawin niya iyon sapagkat si Hesus ang pinagmumulan ng kanilang kaligtasan.

Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila, at iisa ang Ama ng nagpapabanal at ng pinapaging-banal. Kaya't hindi niya ikinahiyang tawagin silang mga kapatid.

—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (1 Jn 4:12) (*Tumayo*)

B—Aleluya, aleluya! Sa pagmamahalan natin ang D'yos ay ating kapiling, pag-ibig n'ya'y lulubusin. Aleluya, aleluya!

Mabuting Balita (Mc 10:2–12)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos.
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG PANAHONG iyon, may mga Pariseong lumapit kay Hesus. Ibig nilang masilo siya kaya't kanilang tinanong, "Naaayon ba sa Kautusan na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa?" Tugon niya, "Ano ang utos sa inyo ni Moises?" Sumagot naman sila, "Ipinahintulot ni Moises na hiwalayan ng lalaki ang kanyang asawa matapos bigyan ng kasulatan sa paghihiwalay." Ngunit sinabi ni Hesus, "Dahil sa katigasan ng inyong ulo kaya niya inilagda ang utos na ito. Subalit sa pasimula pa, nang likhain ng Diyos ang sanlibutan: 'Nilalang niya silang lalaki at babae. Dahil dito'y iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama sila ng kanyang asawa, at sila'y magiging isa.' Kaya't hindi na sila dalawa kundi isa. Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao."

Pagdating sa bahay, ang mga alagad naman ang nagtanong kay Hesus tungkol sa bagay na ito. Sinabi niya sa kanila, "Ang sinumang lalaking humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay gumagawa ng masama sa kanyang asawa—siya'y nangangalunya. At ang babaing humiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa sa iba ay nangangalunya rin."

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nakaluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Sa pag-ibig, tayo'y nilikha ng Ama. Sa parehong pag-ibig, tayo'y pinagbubuklod. Dumulog tayo sa kanyang mapagpalang pag-ibig na hindi nagmamaliw:

T—Panginoon, dinggin mo kami.

L—Para sa mga pastol ng imbahan: Maging buhay na tanda nawa sila ng dakilang pag-ibig ng Diyos sa harap ng mundong puno ng poot. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa mga lider ng mga bayan: Pag-ibig nawa ang manaig sa kanilang mga puso upang makapaglingkod sila nang matiwasay. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa mga mag-asawa at kanilang pamilya: Maging sentro nawa ng kanilang relasyon ang Diyos, upang sa mga pagkakataon ng hidwaan, matanto nilang sila'y dapat maging tanda ng pag-big ng Diyos sa mundo. Manalangin tayo: **(T)**

L— Para sa mga maysakit at may matinding pangangailangan: Kalingain nawa sila ng pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng mga taong may malasakit at pagdamay sa kanilang kapighatian. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa mga yumao: Madama nawa nila ang pag-ibig ng Diyos sa kanyang piling sa langit. Manalangin tayo: **(T)**

L—Sa ilang sandali ng katahimikan itaas natin sa Diyos ang ating personal na kahilingan gayundin ang mga taong lubos na nangangailangan ng ating panalangin *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

P—Mapagmahal naming Diyos, dinggin mo nawa ang iyong nagsusumamong sambayanan. Itulot mong madama naming lubos ang iyong pag-ibig sa mga tao, bagay, at gawaing mabubuti. Sa parehong pag-ibig, kami nawa'y makilala bilang sambyanan mo sa pamamagitan ni Hesukristong Anak mo at aming Panginoon.
B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P—Manalangin kayo...
B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang paghahain ng mga alay na iyong inihabilin at sa pagdiriwang ng dapat naming ganapin ang kabanalan ng iyong pagliligtas nawa'y sumaamin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

Prepasyo
Karaniwang Panahon VII

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.
P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B—Itinaas na namin sa Panginoon.
P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
B—Marapat na siya ay pasalamatan.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...
P—Hinihiling naming...
B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang (*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon
(Pan 3:25)

Ang Panginoo'y dakila sa kabutihan n'yang kusa para sa nagtitiwala sa kanyang habag at awa na kanyang dulot sa madla.

Panalangin Pagkapakinabang (*Tumayo*)

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*
Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa pagsasalo namin sa pagkai't inuming banal kami ay maging Katawan ni Kristo na aming pinakinabangan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik)*

Ilayo nawa kayo sa lahat ng makapipinsala at pagpalain nawa kayo ng bawat mabuti at ganap na kaloob ng Diyos ngayon at magpasawalang hanggan.
B—Amen.
P—Pamalagiin nawa niyang nananahan ang kanyang Salita sa inyong kalooban at puspusin nawa niya kayo ng kaligayahang walang hanggan.
B—Amen.

P—Patnubayan nawa kayo ng Diyos sa pagtahak sa kanyang landas upang lagi ninyong mabatid kung ano ang tama at marapat samantalang kayo ay naglalakbay patungo sa kalangitan na kanyang pamana magpasawalang hanggan.
B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.
B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang ating pagdiriwang. Humayo kayong taglay ang pag-ibig upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.
B—Salamat sa Diyos.

BE A PRIEST OR A BROTHER OF MASS MEDIA

If you are a Grade 12 student, a college student, or a young professional, male, single, and interested to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication, we invite you to journey with us.

Visit our websites:
ssp.ph or **stpauls.ph**
Tel: (02) 8895-9701

DO YOU WANT TO SUBSCRIBE TO SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE?

For inquiries and orders:

FACEBOOK:
Sambuhay Missalette

GMAIL:
Sambuhay@stpauls.ph (02)

TELEPHONE NO.:
8895-9701